*Position Paper of*
*PARTIDO NG MANGGAGAWA* (km 4)

# IBASURA ANG EPIRA!

WALA NANG DAPAT PANG IPAGDUDA. Bigo ang EPIRA o ang Electric Power Industry Reform Act sa layunin nitong pababain ang presyo ng kuryente at tiyakin ang sapat at maaasahang suplay ng kuryente sa bansa.

Ang nakabinbin na P4.15/kWh dagdag singil ng Meralco ay rurok nang paulit-ulit na pang-aabuso ng mga pribadong kompanya ng kuryente mula nang sila na ang maghari sa industriya sa ilalim ng EPIRA mula 2001.

Sa nakalipas na 13 taon mula nang maging batas at ipinatupad ang EPIRA, hindi bumaba kundi dumoble pa ang presyo ng kuryente. Ang generation charge ng Napocor bago ang EPIRA ay halos P3.00 lang kada kilowatthour (kWh). Ngayon, ang presyo sa merkado o sa Wholesale Electricity Spot Market (WESM) ay naglalaro na sa pagitan ng P5.00 hanggang P62.00/kWh.

Maliwanag. Sobrang taas na ng presyo ng kuryente.

EPIRA dapat ang solusyon sa krisis ng suplay ng kuryente sa bansa na nagmula pa noong panahon ni Cory Aquino. Ngayon ay matatapos na ang termino ng kanyang anak na si PNoy at nahaharap ulit tayo sa panibagong power crisis. Kritikal ang sitwasyon ng suplay hanggang 2016 kung kalian pa lamang inaasahang aandar ang mga bagong planta. Ito ay kung tatama sila sa kanilang iskedyul.

Maliwanag. May problema ulit tayo sa suplay ng kuryente.

Sa madaling salita, ang EPIRA ay hindi naging solusyon. Sa halip, ito ay problemang pasan-pasan nating lahat sa nakalipas na tatlong dekada.

### *Kababalaghan*

Pero dito ka magtataka. Habang ang masa ay naghihirap, ang mga pribadong kompanya naman ng kuryente ay dagliang nagsiyaman. Mula nang isapribado sa ilalim ng EPIRA, ang dating basura kung ituring na mga planta at transmission lines ng Napocor ay naging ginto nang mapasakamay ng mga pribadong kompanya. Tuwang-tuwa ang pinakamayayamang kapitalista sa Pilipinas tulad nina Henry Sy, Aboitiz, Lopez, Danding Cojuangco, Manny Pangilinan, Ayala, Consunji, Ty, at iba pang higante sa negosyo nang mapasakamay nila ang industriya.

Kung hirap na hirap tayong pasanin ang perwisyo ng mataas na presyo ng kuryente, ang kanilang mga korporasyon ay naliligo sa ginto sa napasok nilang minahan.

Patunay. Noong 2007, ang kita ng Aboitiz Power ay umabot sa P4.1 bilyon. Mahigit 100% paglaki mula sa kinita nito na P1.8 bilyon noong 2006. Ngayong 2013 ay kumita ito ng P24.4 bilyon. Ang First Gen ng mga Lopez ay kumita ng US$147 milyon noong 2007. Nitong 2012 ay umabot na ito sa US$207 milyon. Ang San Miguel Power na bagong pasok sa industriya ay nakapagtala

naman ng P74.7 bilyong kita nitong 2012.

Noong 2010, nakuha ni Henry Sy ang Monte Oro Consortium na bahagi ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) mula kay Ricky Razon sa halaga umanong US$350-M. Ang NGCP (dating Transco) ay kumikita nang di-bababa sa P15-B kada taon.

Ang Meralco naman ay may net income na P2.55 bilyon noong 2000, bago ang EPIRA. Ngayong 2013 kumita ito ng P17 bilyon.

Maliwanag. Sa atin ang dusa. Sa kanila ang kita – dambuhalang kita.

***Sumpa ng EPIRA***

Kung mayroong pinakamasiba na bahagi ang kapitalismo dito sa Pilipinas, makikita ito sa industriya ng kuryente. Dahil ito sa EPIRA. Bukod kasi sa palsong programa ng pribatisasyon, ang EPIRA ay sinadyang tadtarin ng butas para makalusot ang pandarambong ng mga kompanya.

Hindi bababa ang presyo ng kuryente dahil wala naman talagang totoong kompetisyon sa industriya. Ang dating monopolyo ng estado ay napalitan lang ng pribadong monopolyo. Ang buong Luzon, halimbawa, ay pinaghatian lang halos ng San Miguel, Lopez at Aboitiz dahil sa kontrol nila sa 70% ng buong generating capacity. Kaya sa 40 player sa Wholesale Electricity Spot Market (WESM), 10 planta lang ang itinuturing na price setter at ang mga ito ay pag-aari ng tatlong nabanggit na mga higante.

Itinatag ng EPIRA ang WESM para sana dito mabili ng murang presyo ng kuryente. Pero kabaliktaran ang nangyayari. Sa WESM ngayon nabibili ang pinakamahal na kuryente. Nang magsimula ang operasyon ng WESMnoong July 2006, ang presyo ng kuryente ay nagsimula sa P2/kWh. Ngayon ang bentahan dito ay umabot hanggang P62/kWh dahil sadyang napaglalaruan ang merkado.